Mayo 2023

# Ano ang Medicare & Medicaid?

**Ang Medicare ay segurong pangkalusugan para sa:**

- Mga taong 65 taon o higit pa
- Mga taong mas bata sa 65 na may mga ilang pagkawalang-kaya
- Mga tao na anuman ang edad na may End-Stage Renal Disease (ESRD) o (ALS) (tinatawag ding Lou Gehrig's disease)

## Ano ang mga bahagi ng Medicare?

Kasama ng Orihinal na Medicare ang Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance) at Medicare Part B (Pang-medikal na Insurance).

**Tumutulong ang Part A na masaklawan ang:**

- Pangangalagang panloob sa pasyente sa ospital
- Inpatient na pag-aalaga sa isang pasilidad ng skilled nursing (hindi custodial o pangmatagalang pag-aalaga)
- Pangangalaga sa hospisyo
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Inpatient na pag-aalaga sa pangrelihiyong hindi-medikal na institusyon sa pangkaluausgang pag-aalaga

Karaniwan ay hindi ka nagbabayad ng buwanang premium para sa Part A coverage kung ikaw o ang asawa mo ay nagbayad ng mga Medicare na buwis habang nagtatrabaho sa partikular na tagal ng oras. Minsan ay tinatawag itong walang premium na Part A. Kung hindi ka nararapat sa walang premium na Part A, maaari kang bumili ng Part A.

**Tumutulong ang Part B na masaklawan ang:**

- Mga serbisyo mula sa mga doktor at mga ibang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan na medikal na kailangan
- Pangangalagang panlabas sa pasyente
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay
- Matitibay na medikal na kagamitan (DME) (tulad ng mga wheelchair, walker, pang-ospital na kama, at mga ibang kagamitan)
- Mga pang-iwas na serbisyo (tulad ng mga pagsasala, mga iniksiyon o bakuna, at mga taunang "Wellness" na pagbisita)

Karamihan sa mga tao ay magbabayad ng pamantayang buwanang hulog sa Bahagi B.

**Tala:** Sinasaklaw ng Orihinal na Medicare ang karamihan, pero hindi lahat ng gastos sa mga serbisyo na medikal na kailangan at mga supply. Ang mga Suplementong polisiya sa Insurance ng Medicare (Medigap) na tinitinda ng mga pribadong kompanya, at makakatulong sa pagbabayad ng ilan sa natitirang gastos sa pag-aalaga ng kalusugan, tulad ng mga kabahagi sa bayad, kabahagi sa insurance, at mga makakaltas.

## Ano ang mga bahagi ng Medicare? (karugtong)

**Medicare Advantage (Part C):**

- Ang Medicare Advantage ay isang aprubado ng Medicare na plan mula sa pribadong kompanya na naghahadog na alternatibo sa Orihinal na Medicare para sa iyong pagsasaklaw sa kalusugan at gamot. Kasama sa mga "bundled" na planong ito ang Part A, Part B, at karaniwan ay Part D.
- Ang mga plano ay maaaring may mas mababang mula-sa-bulsang gastos kaysa sa Orihinal na Medicare.
- Ang mga plano ay naghahandog ng mga ekstrang benepisyo na hindi nasasaklawan ng Orihinal na Medicare (tulad ng paningin, pagdinig, dental na serbisyo).

**Isang Medicare na pagsasaklaw sa gamot (Part D):**

- Ay makatutulong na sakupin ang halaga ng mga inireresetang gamot (kasama ang maraming nirerekomendang iniksiyon o bakuna).
- Maaaring pinatatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na sumusunod sa mga patakarang tinakda ng Medicare.
- Maaaring makatulong na mapababa ang mga gastos mo sa gamot at makatulong na magbigay ng proteksiyon laban sa mga mas mataas na gastos sa hinaharap.

**Tala:** Kung may limitado kang kita at mga dulugan, maaaring kuwalipikado ka sa tulong para pambayad ng ilang mga gastos sa pag-aalaga ng kalusugan at pagsasaklaw sa gamot. Pumunta sa Medicare.gov, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa higit pang impormasyon sa mga programa na makakatulong sa pagbabayad sa mga gastusin mo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

# Ano ang Medicaid?

Ang Medicaid ay pinagsamang programa ng pederal at estado na tumutulong sa pagbabayad ng mga gastusing medikal kung may limitado kang kita at/o mga dulugan at natutugunan ang mga ibang inaatas. Ang mga taong may Medicaid ay maaaring makakuha ng pagsasaklaw sa mga serbisyo na hindi sinasaklawan o bahagyang sinasaklawan lang ng Medicare, tulad ng pag-aalaga sa bahay ng nurse, personal na pag-aalaga, transportasyon papunta sa mga serbisyong medikal, mga serbisyong batay sa tahanan at komunidad at dental, paningin at pandinig na serbisyo.

Upang maging kuwalipikado sa Medicaid sa iyong estado, dapat ay residente ka ng estadong iyon at mamamayan ng U.S. (o may kuwalipikadong katayuan sa imigrasyon). Ang bawat estado ay may magkakaibang patakaran tungkol sa pagiging nararapat at pag-apply sa Medicaid. Kung kuwalipikado ka para sa Medicaid sa estado mo, awtomatiko kang kuwalipikado para sa Extra Help sa mga gastusin ng iyong gamot.

Maraming estado ang may pinalawak na Medicaid. Nangangahulugan ito na mas maraming tao ang makakakuha na ngayon ng pagsasaklaw, kahit na hindi sila nararapat sa nakaraan. Kung ikaw o sinuman sa pamilya mo ay nangangailangan ng pag-aalaga, mag-apply para sa Medicaid. Matutulungan ka ng ahensiya ng inyong Medicaid ng estado na malaman kung kuwalipikado kayo. Pumunta sa HealthCare.gov/medicaid-chip/getting-medicaid-chip/ para matuto pa tungkol sa Medicaid at makuha ang impormasyon sa pagkontak ng ahensiya ng Medicaid ng estado niyo.

**Maari kang maging karapat-dapat sa Medicaid kung ikaw ay may limitado kita at alin man sa mga ito:**

- 65 taon o mahigit pa
- Isang bata na nagkakaedad ng mababa sa 19
- Isang nagdadalantao
- Nabubuhay na may pagkawalang-kaya
- Isang magulang o isang nasa hustong gulang na nag-aalaga ng isang bata
- Isang nasa hustong gulang na walang sustentado na mga anak (sa mga ilang estado)

**Kung mayroon kang Medicaid, maaaring makakuha ka ng mga benepisyo sa pag-aalaga ng kalusugan, tulad ng:**

- Mga bisita sa doctor
- Mga pagtigil sa ospital
- Mga Pangmatagalang serbisyo at suporta
- Pang-iwas na pag-aalaga, kasama ang mga mga iniksiyon o bakuna, mammogram, colonoscopy, at mga ibang kailangang pag-aalaga
- Pangangalaga bago magka-anak at sa pagiging ina
- Pangangalaga sa kalusugang pangkaisipian
- Mga kinakailangang mga gamot
- Pangangalaga ng mga mata at ngipin (para sa kabataan)

## Dalawahang pagiging karapat-dapat

Ang ibang tao na karapat-dapat sa parehong Medicare at Medicaid ay tinatawag na mga **"karapat-dapat na pangdalawahan"**. Kung ikaw ay may Medicare at kabuuang pagsakop ng Medicaid, karamihan sa iyong gastos sa pangangangalagang pangkalusugan ay malamang na sakop.

Makukuha mo ang iyong Medicare coverage sa pamamagitan ng Orihinal na Medicare o Medicare Advantage Plan. Kung mayroon kang Medicare at/o buong Medicaid, sinasaklawan ng Part D ang iyong de-resetang gamot. Maaari pa ring saklawan ng Medicaid ang ilang gamot at ibang pag-aalaga na hindi nasasaklawan ng Medicare.

## Para sa karagdagang impormasyon

- Pumunta sa HealthCare.gov/medicaid-chip/getting-medicaid-chip para matuto pa tungkol sa Medicaid.
- Pumunta sa Medicare.gov, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa Medicare.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Medicare sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka. Pumunta sa Medicare.gov/about-us/nondiscrimination/accessibility-nondiscrimination.html, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

This product was produced at U.S. taxpayer expense.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product No. 11306-T
(Tagalog)